# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 02, 2023, LUNES, IKA-9:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 378-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PROGRAM NG KAPASIYAHAN BLG. 1-T2023 NG MUNICIPAL GENDER AND DEVELOPMENT COUNCIL NA NAGBABAGO NG PONDO NG MGA PROGRAMA AT PROGRAMANG LOCALIZED PANTAWID PAMILYANG PILIPINO NA MAY PONDONG P600,000.00 PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may pagliliwat mula sa Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis hinggil sa Kapasiyahan Blg. 1-T2023 ng Municipal Gender and Development Council na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang naturang kapasiyahan ay iniliwat sa mga Lupon sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, Pamilya at Kababaihan at Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan para sa kanilang pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** sa pagtalakay sa lupon ay inilahad ang mga program, proyekto at gawaing nakapaloob sa Gender and Development (GAD) Plan and Budget 2023, kasabay ang mga paglilinaw sa mga pagbabago para rito katulad nang pagbabawas at pagtatanggal ng pondo upang ilaan sa Localized Pantawid Pamilyang Pilipino na nagkakahalaga ng P600,000.00, kaya't inirekomendang pagtibayin ang mga ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Lea A. Almarvez, (Tagapamuno ng Lupon sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, Pamilya at Kababaihan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Program ng Kapasiyahan Blg. 1-T2023 ng Municipal Gender and Development Council na nagbabago ng Pondo ng mga Programa at Programang Localized Pantawid Pamilyang Pilipino na may Pondong P600,000.00 para sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 02, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

RECORDED 16 OCT 2023 — Sangguniang Bayan Office, Santa Cruz, Laguna

RELEASED — Office of the Sangguniang Bayan, Sta. Cruz, Laguna — DATE 10/16/23

10/23/23